Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T TATLONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-18 NG HUNYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
5. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
6. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
7. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
8. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
9. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
2. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 111-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Lijauco na pinangalawahan ni Kag. Algabre)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA MGA INULILA NI MANGGAGAMOT SALOME CARPENA-TOBIAS NA NAMAYAPA NOONG IKA-15 NG HUNYO, 1997.

SAPAGKA'T, si MGGT. SALOME CARPENA-TOBIAS, isa sa itinuturing na haligi ng bayan ng Santa Rosa, sa larangan ng panggagamot at pang-mabuting madla, laging may adhikaing makatulong sa kaunlaran ng bayan, kung kaya't ang pagkakaroon ng isang Pambayang Pagamutan, ang SANTA ROSA COMMUNITY HOSPITAL, ay nasakatuparan, kung saan ang kanyang lupang mayroong sukat na isang (1) hektarya na kanyang ipinagbili sa Pamahalaang Bayan ng wala pa sa kalahati ng halaga kung ipagbibili;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapaabot ng taos pusong pakikiramay sa mga inulila ni Manggagamot Salome Carpena-Tobias na namayapa noong Ika-15 ng Hunyo, 1997.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-23 Pangkaraniwang Pulong ng Sanggunian Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-18 ng Hunyo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

RECEIVED ORIGINAL:
ROBERTO B. CARPENA
JULY 17, 1997